LEVEL 3

# Leveled Reader
in Filipino

# Ang Mahiwagang Alikabok ni Tiya Jessie



Isinulat ni Lee Hyun Jung
Iginuhit ni Yoo Lee Na
Sinuri ni Mary Ann C. Macaranas



Sa gitna ng gabi, si Tiya Jessie ay patingin-tingin mula sa madilim na kalawakan.

“Hmmm... sino kaya ang bibisitahin ko ngayong gabi?” pag-aalala niya.

“May naghahanap kaya sa akin?”

Umalis na si Tiya Jessie. Wala siyang tigil sa paglalakad, suot ang kaniyang kumikinang na sapatos. Magiging abala na naman siya ngayong gabi.



Naririnig ni Tiya Jessie ang iyak ng mga bata, saanmang dako sila ng mundo. Palagi niyang pinakikinggan ang iyak ng mga batang hindi makatulog sa gabi. "Ito, may naririnig ako!" kumislot ang mga tainga ni Tiya Jessie habang pinakikinggan ito nang maigi.



“May isa na namang nangangailangan ng tulong ko. Ihahanda ko na ang aking alikabok ng panaginip.”

Ang sinumang masasabuyan ng alikabok ng panaginip ay tiyak na makatutulog nang mahimbing. Makalipas lamang ang ilang segundo ay mararating na nila ang mundo ng panaginip, at doon ay magiging masaya ang kanilang paglalakbay.



Ngayong gabi ay narinig ni Tiya Jessie ang boses ni Absala, isang batang pansamantalang nakatira sa isang *evacuation center*. Nahihirapang makatulog si Absala dahil nahiwalay siya sa kaniyang ina noong digmaan.

"Inay? Nasaan ka na?" pangungulila niya.

"Nasasabik na ako sa iyo, Inay. Puwede ba kitang makita sa panaginip ko mamaya?" hiling ni Absala.



Nang marinig ni Tiya Jessie ang kaniyang hiling, agad niyang sinabuyan ng mahiwagang alikabok ng panaginip si Absala. "Munting Absala, humayo ka at makipagkita sa iyong ina sa iyong panaginip ngayong gabi," bulong ni Tiya Jessie.

Agad na pumikit ni Absala. Napapangiti si Absala habang napapanaginipan niya ang kaniyang ina at ang mainit na yakap nito.



Nasira naman ng napakalakas na bagyo ang bahay at ang pinakamamahal na piyano ni Linda. Ngayong gabi, naaalala niya ang hagupit ng hangin at ang pagkasira ng kanilang bahay. Pumikit siya habang naiisip ang pagtugtog niya ng piyano.



“Munting Linda, halika at sasabuyan kita ng alikabok ng panaginip,” sabi ni Tiya Jessie. Hayan, napakahimbing na ng tulog ni Linda habang napapanaginipan ang madamdaming pagtugtog niya ng piyano.



Malalim na ang gabi ngunit hindi pa rin makatulog ang kulot na si Paul. Naririnig pa rin niya ang pangungutya ng ibang bata. Malungkot ang kaniyang pakiramdam.



Hayan na…
"Mabait na Paul, para sa iyo itong alikabok ng panaginip. Nawa ay mapuno ng kapatawaran at pagmamahal ang iyong panaginip," sabi ni Tiya Jessie.




Hindi na namalayan ni Paul kung kailan siya nakatulog nang mahimbing. Napanaginipan niya rin ang mga umaaway sa kaniya na humihingi ng kapatawaran. Sa unang pagkakataon ay natutong ngumiti si Paul.



Hindi nagtagal ay sumisilip na ang araw sa likod ng mga ulap. Pero marami pang kailangang gawin si Tiya Jessie.

“May panahon pa para sa isa pa,” giit ni Tiya Jessie habang patalon-talon siya sa mga bituin at karagatan.



Ngunit biglang natalsikan ng patak ng ulan sa noo si Tiya Jessie.

Agad na ring bumuhos ang ulan mula sa mga ulap. Mabilis na umalis si Tiya Jessie. Dahil doon ay dumausdos ang kaniyang paa sa madulas na mga bituin. Nahulog siya sa kalawakan at napaupo siya sa lupa.

Ang supot naman ng alikabok ng panaginip ay nabitawan niya at natapon sa dagat.

Napaluha si Tiya Jessie. Ngunit, may alikabok ng panaginip man o wala, kailangan niyang magpatuloy. May mga batang naghihintay. Hindi niya puwedeng pabayaan si Susan. Biktima ng napakalakas na lindol si Susan. Naulila siya at nawalan ng tahanan. Wala na ang mahiwagang alikabok ni Tiya Jessie, pero puwede niya pa ring maibigay ang mainit na yakap at lambing kay Susan.



"Tingnan mo!" saad niya matapos makatulog si Susan. "Hindi ko na kailangan pa ng mahiwagang alikabok! Kailangan lamang ng mga batang ito na maramdaman na may nagmamahal sa kanila." Nakangiting sumakay si Tiya Jessie sa isang bituin at umuwi sa kaniyang tahanan.



Kaya kung nalulungkot ka
at hindi makatulog sa gabi,
tumingala lamang sa kalawakan.
Hayun! Narinig mo iyon?
Si Tiya Jessie iyon na
patalon-talon sa mga bituin.
Ipikit lamang ang iyong mata
at mangarap. May nakikinig.
Humiling, at makararating sila
sa iyong mga panaginip.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION
USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE
RTI INTERNATIONAL
The Asia Foundation